Ang Konsepto ng *Kaginhawahan at Pag-ibig* sa Pag-ibig sa Tinubuang Bayan ni Andres Bonifacio

Romel P. MISA[1]
De La Salle University, MANILA
Pasay City North High School-M. Dela Cruz Campus, PASAY CITY

ABSTRAK

Sinusuri ng papel na ito ang paggamit ni Bonifacio sa salitang kaginhawahan sa Pag-ibig sa Tinubuang Lupa. Tinitignan kung ano ang kaugnayan ng kaginhawahan at pag-ibig sa ninanais ni Bonifacio na kalayaan mula sa mga mapang-abusong Espanyol.

Mga Susing Salita: Kaginhawaan, Pagmamahal, Kalayaan, Mabuting Kalooban

Panimula

Noong Marso 1896, nilathala ang isa sa mga akda ni Andres Bonifacio sa Kalayaan, ang opisyal na pahayagan ng Katipunan ang kanyang tulang Ang Pag-ibig sa Tinubuang Lupa. Sa Kalayaan ninais ilathala ni Bonifacio ang tula upang mas marami ang mapukaw sa tunay na nangyayari sa Pilipinas at mas madaling mabasa at maintindihan ng mga Pilipino sapagkat ito ay nakasulat sa wikang tagalog.

Ang isa sa pangunahing dahilan sa pagkalathala ng tula ay upang himukin ang mga Pilipino na sumali sa Katipunan upang maabot ang tinatawag na tunay na kasarinlan mula sa mga mapang-abusong Espanyol. Bukod pa rito, ninanais ni Bonifacio ang imulat at gisingin ang mga Pilipino at upang iligtas ang sawing Inang Bayan mula sa paghihirap.[2]

---

[1] Si Romel P. Misa ay kasalukuyang kumuha ng Masterado ng Kasaysayan sa Pamantasang De La Salle, Lungsod ng Maynila. Nagtapos ng Bachelor of Science in Secondary Education Major in History sa Pamantasan ng Lungsod ng Pasay. Kasalukuyang siyang guro sa Pasay City North High School-M. Dela Cruz Campus.

[2] Jim Richardson, *Light of Liberty: Documents and Studies on Katipunan, 1892-1897* (Ateneo de Manila University Press, 2013), 193.

Misa, Romel P. "Ang Konsepto ng *Kaginhawaan at Pag-ibig*" sa Pag-ibig sa Tinubuang Lupa." *TALA* I:2. (December 2018), pp 51-56.

Sa kabilang banda, ipinapakita sa tula ang konsepto ni Bonifacio ng kalayaan ay malinaw na makikita kung ito ay maikokonekta sa konsepto ng kaginhawahan.[3] Maaring itanong kung bakit mahalaga ang kaginhawahan at pag-ibig sa ninanais ni Bonifacio na tunay na kasarinlan? Sa papel na ito, tatangkaing sagutin ang nabanggit na katanungan sa pamamagitan ng dalawang puntos: una, ang pagkokontexto sa salitang kaginhawahan at pag-ibig; at ang ikalawa, ang kahalagahan ng dalawa sa diwang nais ipahayag ng Ang Pag-ibig sa Tinubuang Lupa.

Ang Konsepto ng Kaginhawahan at Pag-ibig sa Pag-ibig sa Tinubuang Lupa

Ginamit ni Bonifacio ang salitang kaginhawahan sa tula upang ipakita ang naging kalagayan ng bansa bago ang kolonyalismo, nasa liwanag, malaya mula sa panghihimasok ng mga dayuhan, nakikipagkalakalan sa ibang bansa, may dangal at mayaman sa kalinangan at kaugalian, at may sariling kabihasnan na ang mga mamamayan, marunong bumasa at may sistema na ng pagsusulat.[4] Kung babalikan ang tripartite view ni Zeus Salazar, makikita na bago dumating ang mga Espanyol sa Pilipinas ang mga katutubo ay sibilisado (paraiso) na sinira ng mga Espanyol nang sila ay dumating sa Pilipinas. Isinasaad ni Bonifacio na ang mga Pilipino bago dumating ang mga Espanyol ay namuhay sa kasaganaan at kaginhawahan.[5] Para mas maintindihan ang salitang kaginhawahan sa tula, kinakailangang ikonteksto ang salitang ito upang mas malalim na maintindihan kung bakit ito ang ginamit ni Bonifacio sa tula.

Ayon kay Salazar, ang ginhawa ay "itinuturing na bahagi ng taong may kinalaman sa kalusugan, mabuting pakiramdam, at mabuting pamumuhay."[6] Makikita na hindi nalalayo ang ginhawa sa mga kahulugan na "gaan sa buhay," "aliwan sa buhay," "paggaling sa sakit," "kaibsan sa hirap," "aliw," o "mabuting

[3] Michael Charleston Chua, "Ang Kaugnayan ng Mabuting Kalooban sa Dalumat ng Kalayaan at Pagkabansa ng Katipunan," *Saliksik E-Journal* 3:2 (2014), 81.

[4] Chua, "Ang Kaugnayan ng Mabuting Kalooban," 81.

[5] Roland Abinal Macawili, "Ginhawa and the Interpretation of Colonialism with Reference to Indios' Reaction to Polos y Servicios: An Overview," n.d.

[6] Zeus Salazar, "Ang Kamalayan at ang Kaluluwa: Isang Paglilinaw ng Ilang Konsepto sa Kinagisnang Sikolohiya." *In Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo, at Gamit* (Quezon City: Akademya ng Sikolohiyang Pilipino, 1982), 83.

pamumuhay."[7] Bukod pa rito, maiuugnay ang ginhawa sa kaisapang Austronesiyano na "dalawang kaluluwa."[8] Ayon sa kaisipang ito, ang tao ay nagtataglay ng dalawang espirituwal na bahagi:

1. Kaluluwa/Kalag: nagtataglay ng intelektwal at moral na kapangyarihan at sa oras ng kamatayan nagiging isang anito o kaluluwa at;
2. Ginhawa: ang kasiglahan ng tao.[9]

Ang kalaluluwa/kalag ay matatagpuan sa ulo, ang ginhawa ay masasabing matatagpuan sa atay. Kung titignan ang diksyonaryong Bisaya ni Encarnacion (1851), ang ibig sabihin ng ginhaoa ay sikmura na kung saan ito ay nakaugnay sa hininga.[10] Masasabing ang ginhawa ay pwedeng makakapagpasabi kung ano ang kondisyon ng isang tao kung masama o mabuti. Samakatuwid, ang ginhawa ay tawag sa kabuuang kagalingan ng isang tao.[11]

Kung titignan ang mga pagsasakonteksto ng salitang kaginhawahan at kung paano ito ginamit ni Bonifacio sa Ang Pag-ibig sa Tinubuang Lupa, masasabing ninanais ni Bonifacio na magkaroon tayo ng mabuting pamumuhay at may masaganang buhay na makakamit lang kung tayo ay magiging malaya mula sa mga Espanyol. Sa isang banda, ginamit ni Bonifacio ang kaginhawahan upang ilarawan ang mga pangyayari bago dumating ang mga Espanyol na kung saan ito ay naglalarawan sa katangian ng isang paraiso.[12] Isinasaad ni Ileto na:

> "Childhood is fondly remembered as a kind of 'lost Eden', a time of kaginhawaan (contentment) and kasaganaan (prosperity), unless one was brought up in abject poverty or by an uncaring (pabaya) stepmother."[13]

---

[7] Zeus Salazar, "Ethnic Psychology and History: The Study of Faith Healing in the Philippines," in *The Ethnic Dimension: Papers on Philippine Culture, History, and Psychology* (Kolonya: Counseling Center for Filipinos, 1983), 100.

[8] Zeus Salazar, "Four Filiations in Philippine Psychological Thought," in *New Directions in Indigenous Psychology: Sikolohiyang Pilipino: Isyu, Pananaw at Kaalaman* (Quezon City: National Bookstore, 1985), 206.

[9] Salazar, "Four Filiations in Philippine Psychological Thought," 207.

[10] Salazar, "Four Filiations in Philippine Psychological Thought," 207.

[11] Chua, "Ang Kaugnayan Ng Mabuting Kalooban sa Dalumat ng Kalayaan at Pagkabansa ng Katipunan," 83.

[12] Reynaldo C. Ileto, *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1997), 83.

[13] Ileto, 87.

Pinupunto ni Ileto na ang kasaganahan at kaginhawahan na tinatamasa ng mga katutubo noon ay inagaw ng mga Espanyol nang sila ay dumating sa Pilipinas. Sa huli, ang kaginhawahan ay may malaking koneksyon sa konteksto ng tula sapagkat ipinapakita ni Bonifacio na ang pagmamahal sa Inang Bayan ay may katumbas na ginhawa.

Sa kabilang banda, masasabi ring isang makabayang pagmamahal ang Pag-Ibig sa Tinubuang Bayan na kung saan ay inihahambing ni Bonifacio sa pag-ibig na ipinapakita sa tao ni Jesucristo. Isinasaad niya na ang ganitong klaseng pag-ibig ni Bonifacio ay mas higit pa sa pag-ibig na ipinamalas ni Jesucristo.[14] Ang konteksto ng pagmamahal sa tula ay nasa mataas na antas na hindi lahat ay nakakaabot. Ipinapakita na ang tunay na pag-ibig ay may kasamang paghihirap at pagdudurusa, kapaitan, kaliwanagan at kadiliman na dapat harapin ng sinumang umiibig.[15] Inilalarawan din sa tula ang mga damdamin para sa Bayan katulad ng galit, pagdaramdam, panunumbat, pagmamahal at iba pa.[16]

Kung titignan ang ikalimang talataan ng tula: "Walang mahalagang hindi inihandog ng mga pusong mahal sa Bayang nagkupkup dugo yaman dunong katiisat pagod buhay may abuting magkalagot lagot." Ito ang pag-ibig na ninanais ni Bonifacio na hindi lamang sa kanya kundi sa lahat ng bayani sa kasaysayan ng buong mundo.[17] Ayon kay Chua, ang buod ng diwang Katipunan mula sa kalat-kalat na mga akdang Katipunan ay ito: Kapatiran, Mabuting Kalooban, Kaginhawahan, at Tunay na Kalayaan na nagsisimula sa pag-ibig.[18] Ang pagmamahal sa Inang Bayan ay isang hindi ordinaryong pagmamahal lamang kundi isang pagmamahal na higit pa sa sarili mo na handa mong ibigay kahit ang buhay mo para sa Inang Bayan. Ninanais ni Bonifacio na maibalik sa atin ang paraisong kinuha't sinira ng mga Espanyol. Para kay Bonifacio, ang paglaya natin mula sa mga Espanyol ay simula ng kaginhawahang ating hinihiling.

---

[14] Jing Rivera Reyes, *Pilosopiya Ng Katipunan: Mga Babasahin sa Pilosopiya ng Tao* (Manila: Rex Bookstore, 1992), 34.

[15] Reyes, *Pilosopiya Ng Katipunan*, 32.

[16] Reyes, *Pilosopiya Ng Katipunan*, 32.

[17] Reyes, *Pilosopiya Ng Katipunan*, 32.

[18] Chua, "Ang Kaugnayan Ng Mabuting Kalooban sa Dalumat ng Kalayaan at Pagkabansa ng Katipunan," 88.

Ang Kahalagahan ng Kaginhawahan at Pag-ibig sa Ninais ni Bonifacio na Tunay na Kalayaan

Kung babalikan natin ang tulang Ang Pag-ibig sa Tinubuang Lupa, makikita na mahalaga ang konsepto ng kaginhawahan at pag-ibig. Makikita na ang pag-ibig sa Inang Bayan ang maggagabay sa mga Pilipino patungo sa inaasam na kaginhawahang ninanais. Ang "mahal at dakilang pag-ibig", ang tunay at banal na pag-ibig ay yaong nauukol sa pananaig ng katwiran, katotohanan, kabutihan at kagandahan at nauukol sa pagsamba sa Maykapal at pag-ibig sa kapuwa tao.[19]

Wika ni Jacinto, kapag namahay muli sa mga puso ng sambayanang Filipino ang "wagas na pag-ibig sa kapuwa" ay magbabalik ang naglahong panahon ng kaginhawahan, ang panahong malaya ang mga Filipino sa mga mananakop, at "at ang tinatawag na bayan ng hinagpis ay matutulad sa tunay na paraiso."[20] Sa madaling salita, ang kaginhawahan ay resulta kapag namahay sa mga puso ng mga Pilipino ang pag-ibig na magbubuklod sa Bayan.

Sa isang banda, ang pag-ibig sa bayan ang pamantayan ng dangal na kung saan nangangahulugan lamang na palaging hahangarin ng sinumang may dangal ang magandang katayuan sa sariling bayan.[21] Samakatuwid, ang pag-ibig sa bayan ay nagbibigay ng magandang katayuan sa sariling bayan o kaginhawahan sa kanyang sariling bayan.

[19] Virgilio S. Almario, *Ang Pag-Ibig sa Bayan ni Andres Bonifacio: Isang Pagtingin sa Tulang Katipunero* (Manila: UST Publishing House, 2012), 149.

[20] Almario, *Ang Pag-Ibig sa Bayan ni Andres Bonifacio*, 150.

[21] Almario, *Ang Pag-Ibig sa Bayan ni Andres Bonifacio*, 152.

Mga Sanggunian

Almario, Virgilio S. *Ang Pag-Ibig sa Bayan ni Andres Bonifacio: Isang Pagtingin sa Tulang Katipunero*. Manila: UST Publishing House, 2012.

Chua, Michael Charleston. "Ang Kaugnayan ng Mabuting Kalooban sa Dalumat ng Kalayaan at Pagkabansa ng Katipunan." *Saliksik E-Journal* 3,:2 (2014), 79–91.

Ileto, Reynaldo C. *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1997.

Macawili, Roland Abinal. "Ginhawa and the Interpretation of Colonialism with Reference to Indios' Reaction to Polos y Servicios: An Overview," n.d.

Reyes, Jing Rivera. *Pilosopiya ng Katipunan: Mga Babasahin sa Pilosopiya ng Tao*. Manila: Rex Bookstore, 1992.

Richardson, Jim. *Light of Liberty: Documents and Studies on Katipunan, 1892-1897*. Ateneo de Manila University Press, 2013.

Salazar, Zeus. "Ang Kamalayan at ang Kaluluwa: Isang Paglilinaw ng Ilang Konsepto sa Kinagisnang Sikolohiya." In *Sikolohiyang Pilipino: Teorya, Metodo, at Gamit*, 83–92. Quezon City: Akademya ng Sikolohiyang Pilipino, 1982.

———. "Ethnic Psychology and History: The Study of Faith Healing in the Philippines." In *The Ethnic Dimension: Papers on Philippine Culture, History, and Psychology*, 89–106. Kolonya: Counseling Center for Filipinos, 1983.

———. "Four Filiations in Philippine Psychological Thought." In *New Directions in Indigenous Psychology: Sikolohiyang Pilipino: Isyu, Pananaw at Kaalaman*. Quezon City: National Bookstore, 1985.